
1

# Sining

## Kwarter 4 – Modyul 2:
## Anong kasangkapan ang Maaaring Gamitin?



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

Department of Education * Republic of the Philippines

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Anong Kasangkapan ang Maaaring Gamitin (week2-4)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marvin Aquino

**Editor:** Anna Grace M. Gallardo

**Tagasuri:** Anna Grace M. Gallardo,

**Tagaguhit:** Reynaldo A. Simple

**Tagalapat:** Alexander G. Barasi

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
____________________, Regional ADM Coordinator
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
______________________, Division ADM Coordinator

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region 02**
Office Address: ____________________________________________
____________________________________________
Telefax: ____________________________________________
E-mail Address: ____________________________________________

1

# Sining

## Kwarter 4 – Modyul 2:
## Anong kasangkapan ang Maaaring Gamitin?

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Sining – Unang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Anong Kasangkapan ang Maaaring Gamitin**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin

ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Sining-Unang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Anong Kasangkapan ang Maaring Gamitin**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang

bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Modyul 2

## Anong Kasangkapan ang Maaring Gamitin?

### Alamin

Ang 3-dimensional na bagay ay maaring magmula sa mga bagay-bagay sa paligid. Maari itong nagmula sa mga patapong bagay na matatagpuan sa ating paligid at maaring iresiklo upang magkaroon ng itsura, pigura, kabuluhan at kapakinabangan.





Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang iba't-ibang kagamitan na maaring gamitin sa paglikha ng 3-dimensional na bagay;
2. Natutukoy ang gamit ng clay, kahoy (soft wood), kawayan (bamboo), at papel o cardboard sa paglikha ng mga 3-dimensional na bagay. AIEL-IVB



## Subukin

Panuto: Hanapin sa hanay A kung ano ang ginamit sa paggawa sa mga larawan sa hanay B.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. karton _____ | a.  |
| 2. plastik _____ | b.  |
| 3. clay _____ | c.  |
| 4. card board ______ | d.  |
| 5. kahoy _____ | e.  |




## Balikan

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, kaya mo bang sagutin ang mga sumusunod?

1. Aling laruan sa nagdaang pagsusulit ang nalaro mo na? ________________________________
2. Masaya ka ba sa paglalaro nito? ____________
3. Anong materyales ang ginamit sa paggawa ng iyong laruan? ____________________________

## Tuklasin

Pagmasdan ang mga larawan sa susunod na pahina. Pag-aralang mabuti ito pagkatapos sagutin ang mga tanong sa **Suriin.**



## Suriin

1. Anu-nong mga 3-dimensional na bagay ang naipakita sa larawan? ________________________
2. Alin sa mga larawan ang iyong nagustuhan? Bakit?

   ____________________________________________
3. Sa anong bagay kaya ito gawa? sa kahoy? sa cardboard? sa karton? sa clay? ________________
4. May iba pa bang materyales na pwedeng gawin tulad ng mga ito? ___________________________


**Unawain**

Ang mga 3-dimensional na bagay na iyong nakita ay gawa sa mga bagay na sa tingin natin ay wala ng halaga o kapakinabangan. Tulad ng mga kapirasong kahoy na maaring gamitin sa paggawa ng trumpo, mga papel o cardboard na maaring gawing maskara at saranggola, mga karton na maaring gamitin sa pagbuo ng robot at mga clay na maaring nabibili o uri ng lupa na pinorma sa pigura ng tao, hayop at iba pa.

## Pagyamanin


- **Gawain 1**

  Panuto: Pagmasdang mabuti ang karton na robot. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Kaya mo bang gumawa ng karton na robot? ______________________________________________
2. Anong kagamitan ang ginamit sa pagbuo ng robot? ______________________
   Sa ulo? ______________________
   Sa katawan? _________________
   Sa kamay at paa? ____________

- **Gawain 2**
  Panuto: Pag-aralang mabuti ang nakalarawang saranggola. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.




1. Kaya mo kayang gumawa ng sarili mong saranggola? ____________________________
2. Anong kagamitan ang ginamit sa paggawa ng saranggola? _________________
   Sa balat? __________________
   Sa patigas ? _________________
   Sa buntot? __________________

## Pagsasanay

- **Gawain 1**

Panuto: Pagmasdang mabuti ang 3-dimensional na nasa loob ng kahon at ihanda ang mga materyles na nabanggit. Lagyan ng (√) kung naisagawa ang mga pamamaraan.

Mga karton (iba-ibang laki), glue, gunting, pangkulay at pentel pen





_____ 1. Ihanda ang mga kagamitan sa paggawa ng karton na robot.
_____ 2. Pumili ng mga karton na magkasinglaki para sa paa at kamay nito.
_____ 3. Pumili ng malaking karton para sa katawan at katamtamang laki ng karton para sa ulo nito.
_____ 4. Simulang idikit sa napiling karton para sa katawan ang mga napiling karton para sa paa, kamay at ulo.
_____ 5. Guhitan ng mata at bibig nito. Maaring kulayan ayon sa kagustuhan.


- **Gawain 2**

Panuto: Pagmasdang mabuti ang 3-dimensional na nasa loob ng kahon at ihanda ang mga materyles na nabanggit. Lagyan ng (√) kung naisagawa ang mga pamamaraan.

Papel (Dyaryo o colored paper)
Tingting o Barbecue stick,
Glue, gunting at tali



_____ 1. Ihanda ang mga kagamitan sa paggawa ng papel na saranggola.
_____ 2. Pumili ng matibay na tingting o barbeque stick bumuo ng hugis krus at itali nang maigi sa gitna.
_____ 3. Ilapat ang hugis krus sa napiling papel, gupitan sa anyong diamond at idikit sa tingting o stick.
_____ 4. Gmupit ng papel para sa buntot at idikit ng naayon sa larawan depende sa balance ng saranggola.
_____ 5. Gumupit ng maliit na pantali sa magkabilaang bahagi ng saranggola sa dakong taas at baba. Tiyakin ang balance at itali ang mahabang tali sa pagpalipad ng saranggola.



## Isaisip

Panuto: Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.





Sa Modyul na ito, natutunan ko na maaring makabuo ng 3-dimentional na bagay mula sa ______________. Ito ay maaaring gawa sa __________, __________, ________, __________ at _____________.

| | |
|---|---|
| patapong bagay | karton |
| clay | card board |
| kahoy | kawayan |

## Isagawa

Upang malaman kung ikaw ay may natutuhan sa Modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

Panuto: Tukuyin at **guhitan** ang bagay na ginamit upang mabuo ang mga sumusunod na 3-dimensional na bagay.


| 3-Dimensional na Bagay | Kagamitan |
|---|---|
| 1.  | kahoy, karton, clay |
| 2.  | kahoy, karton, papel, |
| 3.  | clay, kawayan, card board |
| 4.  | kawayan, clay, plastik |
| 5.  | papel, kahoy, clay |

## Tayahin

Ang bahaging ito ng Modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na Modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng **3-5**, magpatuloy, **0-2**, ulitin ang Modyul.

Panuto: Isulat ang **O** kung ang kagamitang ginamit sa 3-dimensional na bagay ay tugma at **H** kung ang kagamitang ginamit sa 3-dimensional ay hindi magkatugma. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. kawayan




3. cardboard




5. Karton



2. papel



4. clay



## Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, ikaw ay gagawa ng 3-dimentional na bagay mula sa iyong natutuhan.

Pumili at Bumuo ng isang 3-dimentional na bagay mula sa iyong natutuhan gamit ang mga materyales na matatagpuan sa inyong bahay.

Nasa ibaba ang **rubric** ng iyong likhang-sining.

| **Pamantayan** | **Iskor** |
| --- | --- |
| Natapos nang malinis at kaaya-aya | 5 |
| Malinis at kaaaya-aya ngunit may kulang | 4 |
| Hindi malinis at kaaya-aya ang pagkagawa | 3 |
| May kulang , hindi malinis at kaaya-aya | 2 |
| Nakagawa ngunit hindi natapos | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining | 0 |

## *Susi sa Pagwawasto*

**Isahang Pagsasanay**

Gawain 1
1. √
2. √
3. √
4. √
5. √

Gawain 2
1. √
2. √
3. √
4. √
5. √

Isagawa
1. karton
2. papel
3. cardboard
4. clay
5. kahoy

**Tayahin**
1. O
2. H
3. H
4. H
5. H

Subukin

1. a
2. c
3. b
4. e
5. d

*Sanggunian*

Arts Curriculum Guide

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph